

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita at sa pagturo sa iyo na sumunod sa Kanya araw-araw. Pasalamatan Siya sa lakas ng loob na mayroon ka sa Kanya at sa kakayahan na malagpasan ang anumang bagyo dahil Siya ang pundasyon ng buhay mo.
- Ipanalangin na lagi mong marinig at sundin ang Diyos. Hingin sa Kanya ang kakayahan na ipamuhay ang Kanyang Salita araw-araw, anuman ang sitwasyon mo.
- Ipanalangin na gamitin ng Diyos ang buhay mo upang tulungan at hikayatin ang iba na makinig at sumunod sa Kanyang Salita. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maipangaral mo ang ebanghelyo sa mga kapamilya at kaibigan mo.

NOTES

WARM-UP

- Ano ang isang libro, pelikula, o serye na gustong-gusto mo? Bakit mo ito gusto?
- Ano ang isang aral sa eskwelahan na tumatak sa iyo? Bakit mo ito natatandaan?
- Madali ba o mahirap para sa iyo ang sumunod sa mga may kapangyarihan? Bakit? Ibahagi ang iyong karanasan tungkol dito.

WORD

²⁴*Kaya ang sinumang nakikinig at sumusunod sa aking mga sinasabi ay katulad ng isang matalinong lalaki na nagtayo ng kanyang bahay sa pundasyong bato. . . .”*

²⁸*Pagkatapos ipangaral ni Jesus ang mga bagay na ito, namangha ang mga tao, ²⁹dahil nangaral siya nang may awtoridad at hindi tulad ng kanilang mga tagapagturo ng Kautusan. **MATEO 7:24,28,29***

(Basahin din ang **MATEO 7:25-27.**)

Sa Pangaral sa Bundok, binigyan ni Jesus ng bagong kahulugan ang kasulatan ni Moises na kilala at sinusunod ng madla. Itinuro sa kanila ni Jesus ang tunay na espiritu ng Kasulatan, na siyang bumago sa pakikitungo ng tao sa isa't isa at sa Diyos. Ang mga tao ay nagulat sa awtoridad ni Jesus dahil hindi Siya umasa sa mga katuruan ng mga tagasipi ng Kasulatan ni Moises, bagkus ay itinuro pa Niya ang tunay na espiritu ng Kasulatan. Sa Kanyang pagtatapos, inilarawan ni Jesus ang dalawang tugon ng mga tao sa tuwing naririnig nila ang Salita ng Diyos—ang pagsunod at hindi pagsunod.

1 Unang Tugon: Makinig at Sumunod

²⁴Kaya ang sinumang nakikinig at sumusunod sa aking mga sinasabi ay katulad ng isang matalinong lalaki na nagtayo ng kanyang bahay sa pundasyong bato. ²⁵Nang umulan nang malakas at bumaha, at humampas ang malakas na hangin sa bahay, hindi ito nagiba dahil nakatayo ito sa matibay na pundasyon.” **MATEO 7:24,25**

Alam ng isang matalinong lalaki na darating ang mga bagyo upang yanigin ang kanyang bahay, kung kaya't naglalaan siya ng panahon upang maitayo ito sa isang matatag na pundasyon. Ang mga nakakakilala sa awtoridad ni Jesus ay sumusunod at nagtatayo ng kanilang mga buhay sa matatag na pundasyon ng Salita ng Diyos. Kung magtitiwala tayo sa Kanyang mga salita at susunod sa Kanya nang may pananampalataya, itatayo natin ang ating mga buhay sa hindi kayang yanigin ng anumang bagyo. Ano ang nangyari sa bahay ng matalinong lalaki matapos ang bagyo?

.....

.....

.....

2 Ikalawang Tugon: Makinig at Hindi Sumunod

²⁶Ngunit ang sinumang nakikinig sa aking mga salita pero hindi naman ito sinusunod ay parang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhangin. ²⁷Nang umulan nang malakas at bumaha, at humampas ang malakas na hangin sa bahay, nagiba ito at lubusang nawasak.” **MATEO 7:26,27**

Sa kabilang banda, ang hangal na lalaki ay nagtayo ng kanyang bahay sa mahina at mapanganib na pundasyong buhangin. Ang mga nakakarinig sa mga salita ni Jesus at sa kabila nito ay sumusuway sa Kanya ay pinipiling itayo ang kanilang buhay sa mahinang pundasyon na hindi magtatagal. Kung maririnig at susuwayin natin ang mga salita ni Jesus, ang buhay natin ay hindi makakatagal laban sa anumang bagyo na darating sa atin. Paano ipinapakita ng pagsunod o pagsuway sa mga salita ni Jesus ang relasyon natin sa Diyos? Gaano kahalaga ang sumunod kay Jesus nang ganap at agad-agad?

.....

.....

.....

APPLICATION

- Araw-araw ka bang nagbabasa ng Salita at naglalaan ng oras upang makinig sa Diyos? Ano ang isang hakbang na maaari mong gawin upang makapaglaan ng mas maraming oras upang makasama at marinig Siya araw-araw?
- May bahagi ba ng buhay mo kung saan kailangan mong magtiwala at sumunod sa Salita ng Diyos? Ano ang babaguhin mo upang agad-agad at ganap na sumunod sa Kanya ngayong linggo?
- Mayroon ka bang mga kapamilya at kaibigan na dumadaan ngayon sa isang suliranin? Paano mo sila mahihikayat na makinig at sumunod sa Salita sa kanilang mga sitwasyon?